

Chapter One



“Oy, Desi, nandiyan ka pala? May meeting ba o naligaw sa pagbili ng suka? Teh, hanggang kailan ka magsasayang ng ganda?”

Nakalabing sinulyapan lang ni Desi si Ria, ang personal secretary ng terror na agent niya na si Gayle. Athletic ang pangangatawan, androgynous ang porma, bruskong kumilos at simula nang magtrabaho ay hindi pa nagtagal na mahaba ang buhok niya.

“You’re beginning to sound like Gayle,” aniya kay Ria habang hindi natitinag sa prenteng pagkakadekwatro. Hawak niya sa isang kamay ang nakabukas na libro. Palagi siyang may baong

paperback tuwing ipapatawag ni Gayle sa opisina nito dahil palagi siya nitong pinaghihintay. Palagi din kasi itong busy.

“Ang ganda mo kasi, nanghihinayang ako kasi hindi mo masyadong ine-expose,” nailing na sabi ni Ria sabay upo sa tabi niya. Binuksan nito ang dala niyang backpack at kinuha ang cosmetic pouch niyang puro ito, si Gayle, o ang nanay niya ang naglagay ng laman.

Napangiti si Desi, itinabi na ang hawak na paperback. Bukod sa pagiging assistant ni Gayle ay magaling na makeup artist din si Ria. Ito lang ang hinahayahan niyang gumalaw sa mukha niya. Alam niyang ilang sandali lang ay uumpisahan na nitong lagyan siya ng makeup, whether she liked it or not.

“Alam mo namang kahit kailan ay hindi ako masasanay sa idea ninyo ng exposure.” Nakangiting inalis niya ang suot na dark glasses.

Sa loob lang ng ilang minuto ay natapos ni Ria ang paglalagay ng kulay sa mukha niya. Kinuha niya ang compact mirror at nasisiyahang ininspeksyon ang sarili. As always, Ria did a great job. Sa ganoong ayos siya naabutan ni Gayle, na habang lumalapit ay nagsimula nang magtatalak.

“How many times do I have to tell you,

Desiderata? You're one of my prized talents. You're one of the biggest stars in the Philippine TV industry. Hindi ko hinihiling na magpakadiva ka, pero hija, magmaganda ka naman kahit konti!" tuluy-tuloy na sabi ng babae bago iniangat ang baba niya at ininspeksyon ang mukha niya. "This, is the face of *the* Desi Hidalgo. Huwag mong sayangin ang bonggang kikay kit mo. Naku!" naiiling na dagdag nito bago binitawan ang mukha niya at pumuwesto sa wing chair na katapat ng couch na kinauupuan niya.

Nginitian lang ito ni Desi. Kabisado na niya si Gayle. Ang kailangan lang ay hayaan itong magtatalak bago nito sabihin ang dahilan kung bakit siya nito ipinatawag. "Okay, boss. Masusunod." Sumaludo pa siya sa babae na tinaasan lang siya ng kilay. Natatawang umayos siya ng upo. "So, what's up?"

Mataman siyang tiningnan ng babae. "Ikaw ang dapat kong tanungin niyan." She sighed. "What now, Desi? Your two weeks is up. Alam kong naging busy ka rin sa loob ng dalawang linggo pero kailangan ko na ngayon ng sagot mo. And I don't mean whether it's a yes or no. Dahil alam mong hindi ka puwedeng humindi."

Nabura ang ngiti niya, ilang sandaling

nakatitig lang siya sa babae at iniisip kung ano ang pinagsasabi nito, hanggang sa maalala niya ang tungkol sa inilahad nitong proyekto dalawang linggo na ang nakakaraan. Umaasa siyang sa bagal mag-isip ay mapo-postpone kundi man tuluyan na lang ika-cancel ang balak na series feature sa kanya ng nangungunang lifestyle channel sa buong Asya, ang *Channel Z*.

Ang daming puwedeng i-feature doon. Mas magaling at mas sikat sa kanya. Bakit siya pa? “I... I’m sorry, Gayle,” mahinang sagot niya. Hindi niya alam kung ano ang idadahilan sa babae.

Napailing ito. “Sorry about what? Hindi mo pa napag-isipan? O sinadya mong kalimutan?” kunot ang noong tanong nito. “Desi, ano ang problema? Nagsagawa na ng initial research ang production crew sa San Simon. Dumalaw na sila sa hometown mo. Iyong two weeks na ibinigay ko sa iyo ay para lang pag-isipan kung ano ang maaring maging kondisyon mo tungkol sa homecoming feature na ito.”

Napabuntong-hininga siya. Sikat ang *Channel Z* sa mga series at features nito gaya ng *Homecoming Diaries*, kung saan iba-ibang creative personalities ang ipini-feature kada buwan, sa apat na 45-minute episodes tuwing Sabado ng

gabi all across Asia. It is a great honor for any artist to be featured in *Homecoming Diaries*, and under different circumstances, she would have been thrilled about the opportunity.

Pero paano niya kasasabikan ang pagkakataong balikan ang lugar na mabigat ang loob na nilisan niya may walong na taon na ang nakakaraan? Hindi rin siya sigurado kung naging proud ba sa narating niya ang mga kababayan sa San Simon.

That town stopped being her home eight years ago. Kaipokritahan kung magbabalik pa siya roon, para sa isang feature sa kung saan siya nagsimula. All features in *Homecoming Diaries* even ends up in a tribute of sorts! May manonood kaya? May willing kayang magsalita sa kung gaano ka-proud sa kanya ang mga kababayan niya?

“Can I tell you something, Gayle?” mahinang tanong niya.

Gayle reached for her hand. “Sure you can, Desi. At sana ang sasabihin mo ngayon ay ang matagal ko nang hinihintay.”

Muli siyang napabuntong-hininga. “Hindi ko intensyong maglihim sa iyo. Ang totoo, gusto ko sanang kalimutan na lang ang lahat. Hindi

ko lang naisip na may darating na ganitong opportunity, kaya hindi ko alam kung ano ang gagawin ko.” Napailing siya. “I don’t even know when, or how to begin.”

Nakakaunawang tumangu-tango si Gayle. “You can start by telling me how all those beautiful, sad love stories and *hugot* lines you wrote came about.”

Sinalubong niya ang tingin ng kaibigan. Ang mga kuwento sa likod ng bawat naisulat niya, ang nag-iisang taong sentro ng bawat kuwentong iyon, ang dahilan kung bakit kung maari lang ay ayaw na sana niyang balikan pa ang San Simon.

She began telling Gayle everything, everything up until the day that was probably the darkest day of her life.



Eight years ago...

Lakad-takbo ang ginawa ni Desi makarating lang agad sa silangang bahagi ng Magsaysay Park, kung saan nakahilera ang matatayog na puno ng niyog at nagkalat ang mga upuang gawa sa bato. Wala pang limampung metro ang layo niyon mula sa beach kung saan marami-rami na rin ang kung hindi nagja-jog ay naglatag na ng picnic mats sa buhanginan.

Sabado ng hapon at galing siya sa kalapit na state university kung saan binuno niya ang huling subject sa kanilang final exams. She knew she did well, and relieved that she's now officially done with her second year in BS Information Technology. Malaya na niyang mapagtutuunan ng pansin ang mga bagay na pinilit niyang huwag maka-distract sa kanya buong linggo dahil may mga exams siya.

Past five na ng hapon. Huminto siya saglit at hinabol ang paghinga habang iginagala ang tingin. Nasabihan na siya three days ago na huwag nang tumuloy, na huwag nang pumunta pa sa usual na usapan at tagpuan nila ng nobyong si Noah, pero sumige pa rin siya. They'd known each other for three years now and had been in a relationship for the past two years.

Kilalang-kilala nila ang isa't isa at ayaw niyang basta maniwala na lang sa kung ano'ng mga naririnig lalo na kung patungkol sa mga bagay na may kinalaman sa kanilang dalawa. Dalawang linggo na silang hindi nagkikita dahil naging abala sila sa kani-kaniyang final exams. Sa Manila nag-aaral si Noah at lingguhan kung umuwi sa ancestral house ng mga ito sa bayan nilang iyon sa Zambales.

Sa loob ng nakalipas na dalawang taon ay ganoon ang routine nila. Halos buong weekend sila

magkasama at naghihiwalay lang kapag kailangan nang umuwi sa gabi. They had been each other's best friends, and no matter how most people say they're both still too young, they knew they want to spend the rest of their lives with each other. Maaaring sa loob ng nakalipas na taon ay mas marami ang araw na hindi sila magkasama pero lalo lang pinatibay ng madalas na pagkakalayo ang pagmamahal nila sa isa't isa.

Two weeks! Halos hilahin ni Desi ang oras para matapos na ang lahat ng exams. None of her subjects were easy but knowing that she would be rewarded with a beautiful summer with Noah, she knew she aced each one of them.

Pero nasaan na si Noah?

Lalakad na sana siya pababa sa beach nang may tumawag sa pangalan niya. Nilingon ni Desi ang nagsalita. Si Carlos na naman iyon, na sa hindi maipaliwanag na dahilan ay halos isang semester nang nangungulit sa kanya. Halos isang semester na rin niya itong tinatarayan at hayagang iniiwasan. Fourth year Industrial Engineering student ito sa parehong unibersidad na pinapasukan niya. He was goodlooking, popular, came from a rich family and very arrogant. Hindi niya ito gusto, at lalong hindi niya maintindihan kung bakit sa nakalipas na semestre ay bigla siya nitong pinansin gayong dati

ay wala itong pakialam sa kanya.

“Ano’ng kailangan mo?” naniningkit ang matang tanong niya habang mahigpit ang hawak sa straps ng backpack.

Nginisihan siya ng lalaki. “Wala akong kailangan sa iyo. Ikaw ang may kailangan sa akin.” Lumapit ang binata na dalawang pulgada lang ang taas sa kanya. Matangkad siya kaysa karaniwang height ng mga Pilipina. Namana niya ang kanyang height na five-feet and eight inches sa British na ama na hindi na niya nakilala.

“Sabihin mo na kung ano ang sasabihin mo.” Inilibot niya muli ang tingin sa paligid. Nasaan na ba ang Noah na iyon? Totoo kaya ang sinasabi ni Ate Nadine? Pero imposible, kung may problema, hindi puwedeng hindi nila iyon pag-usapan.

Sa halip na sumagot ay lumapit si Carlos at inakbayan siya. Agad siyang pumalag, pero hinawakan pa nito ang isang braso niya. His one arm slid from her shoulder to her waist. “Don’t move. Alam ko kung bakit ka naririto, at napag-utusan lang ako para dalhin ka kay Noah. May surprise yata siya sa iyo,” bulong nito sa kanya.

Sa halip na ma-excite ay kinikilabutan si Desi sa pagkakadikit nila ni Carlos. Agad siyang pumiksi, pero malakas ito. Kahit sporty rin siya ay walang

sinabi ang lakas niya sa isang winger sa varsity soccer team at isa rin sa mga pambato nila sa judo. Hindi siya naniniwala dito. Noah would always do things on his own when it came to giving her surprises. Ayaw din ng nobyo na may ibang humahawak sa kanya.

Huminga siya nang malalim at malakas na tinadyakan ang paa ni Carlos, na noon ay naka-leather sandals lang. Kahit halatang mamahalin ang suot nito ay wala pa rin iyong panama sa matibay na hiking boots na regalo ng kanyang stepfather. Nagulat ito sa ginawa niya pero sa halip na mapabitaw ay lalo pa itong yumakap, patulak sa kalapit na puno kung saan napasandal si Desi habang halos nakapaikot pa rin ang mga braso nito sa kanya.

*“You stupid b*tch...” Matalim ang tingin nito sa kanya.*

*“A*shole,” ganting sabi ng dalaga sabay tulak dito, pero agad nitong nahuli ang mga kamay niya bago sinimulang ilapit ang mukha sa kanya. Pinagkaiwas-iwas niya ang mukha, at sa pagbaling niya sa bandang kanan upang maghanap ng mahihingan ng tulong ay ang galit na mukha ni Noah ang nakita niya. Wala pang tatlong metro ang layo nito. May isang magandang babae ring patakbong nakasunod sa kanyang nobyo.*

“Noah!” tawag niya dito, sabay muling tulak kay

Carlos, na lumayo naman.

“O, ano’ng ginagawa ng ex mo dito? Hindi maka-move on?” tila nakakalokong tanong ni Carlos na muling lalapit sana pero naunahan na niya ng sampal.

“Gago ka pala, eh! Manyak ka!” maluha-luha sa galit na sigaw ni Desi bago sinipa si Carlos sa binti, dahilan upang mawalan ito ng balanse dahil gulat pa rin sa pagkakasampal niya.

Agad siyang tumakbo palapit kay Noah na noon ay matamang nakatingin sa kanya. Yayakap sana siya dito pero tila nandididiring inilayo nito ang sarili. Sa halip ay lumapit ito sa babaeng nakasunod dito. Agad yumakap ang babae kay Noah, habang patuyang nakatingin sa kanya.

“Ano’ng nangyari, Noah?” litong tanong niya.

“I want to ask you the same thing, Desi,” mahina pero mariing sabi ng nobyo. Tila magnified na ang kawalan ng anumang emosyon dahil sa salamin nito sa mga mata. *“Pero sa tingin ko, tama na ang mga narinig ko, at ang mga nakita ko, lalo na ngayon.”*

Hindi makapaniwalang tinitigan lang niya ito. “Muntik na akong ma-harass! Pinuwersa niya ako!” malakas na sabi niya.

Napailing lang si Noah. “Hindi iyon ang nakita ko.” Parang napagod na napabuntong-hininga ito.

“Ang akala ko kilala na kita, Desi.”

Gustong magsalita ni Desi, pero hindi niya alam kung ano ang dapat sabihin. Nalilito siya sa nangyayari. Hinintay niya kung may sasabihin pang iba si Noah, pero tumalikod na ito at walang paalam na lumayo. Sinimulan niyang humakbang para pigilan ito pero hinawakan siyang muli ni Carlos sa braso.

“Kung ako sa iyo, hindi ko na siya hahabulin,” sabi ng huli.

“Wala kang alam...” naluluhang sabi ni Desi.

Tinitigan lang siya ng lalaki, na tila may sasabihin pa sana kundi lang biglang nag-ring ang cellphone nitong nasa bulsa ng pantalon. Kinuha nito iyon at tiningnan sa screen kung sino ang tumatawag. Napailing ito. “Mas makabubuting umalis ka na lang sa bayang ito, at huwag nang bumalik pa.” Iyon lang at mabilis na itong naglakad palayo habang kausap ang kung sinumang tumawag dito.

Sinimulan na ding maglakad ni Desi, binagtas ang direksyong tinungo ni Noah. Agad niyang nakitang pasakay na ito ng isang sedan, katabi ang babaeng kanina pa nito kasama. Tinawag niya ito habang tumatakbo na palapit, pero mabilis na pinaandar na ng lalaki ang sasakyan.

Ang bilis, na hindi niya maintindihan hanggang

sa mga sandaling iyon kung ano ba talaga ang nangyari. Ang sigurado lang niya ay ang sakit na nararamdaman, at sa katotohanang wala na sa kanya si Noah.

Chapter Two



“It’s the perfect opportunity to promote San Simon as a prime tourist destination this side of Luzon, Noah. Halos sa buong Asia, napapanood ang *Channel Z*. May ilang programa silang nasa *Netflix* at kabilang doon ang *Homecoming Diaries*.” Tinapik ng batang mayor ng San Simon na si Jasper Honrado ng folder ang screen ng laptop nitong nakabukas sa official webpage ng nabanggit na TV show. It was their first ever meeting about the project, and Noah could tell that the mayor was quite excited.

But he was not.

“Wala akong ideya na iyong grupo ng mga Pinoy at foreigners na dumalaw noong isang

linggo at nag-stay sa resort ay mga taga-*Channel Z*. But I'm glad they consulted you first, iyon naman talaga ang dapat na proseso.”

Wala pang dalawang taon na fully operational ang farm and resort business ni Noah, pero unti-unti na itong dinarayo dahil napo-promote sila nang husto sa mga blogs at social media sites ng mga taong nakapunta na roon. Bahagya pa lang niyang nare-recover ang kanyang mga in-invest at welcome sana para sa kanya ang magkaroon ng libreng advertising ang kanyang resort sa pamamagitan ng isang programang napapanood din pala sa ibang bansa.

Homecoming Diaries is a documentary feature show that focuses on the early life of a known personality, with that person's hometown as the backdrop. Karaniwang nagtatapos ang bawat *Homecoming Diaries* feature sa isang mini-concert o tribute program. He would have welcomed the entire project with open arms, except for that individual who was the reason why an internationally known show was coming to their quaint, little town.

Desiderata 'Desi' Hidalgo, bestselling book author and TV writer, the woman behind some of the top rated and award-winning hit teleseryes

in recent years, his first love, and also the one responsible for his first heartbreak. Dapat ay wala na siyang pakialam kung magbabalik man ito sa bayan nila makalipas ang walong taon. Dapat ay hindi na siya apektado... pero paano niya tuluyang ibabaon sa limot ang lahat ng may kinalaman dito kung napapaligiran siya ng mga taong fan ng mga sinulat nito, na bawat kuwento ay nagpapaalala sa kanya ng lahat ng mayroon sila dati?

Parang bawat kuwento ay open love letter kung saan marami ang puwedeng maka-relate, pero siya lang ang talagang nakakaintindi.

And he hated her for it, for always reminding him through all these years how beautiful things were between them, how much they truly loved each other, only for her to throw it all away.

Desi still has the power to hurt him, even if she's been out of his life for so long, even until now.

“Noah? Are you still with me?”

Napakurap siya, napatingin sa kausap na nangungunot ang noong nakatingin sa kanya. “Oh yes, sorry, pare.” Dumirecho siya ng upo. “So how many people are we expecting?”

“Fourteen lahat. They don't mind sharing

rooms daw kung sakaling may mga kuwartong naka-reserve na para sa ibang guests ng resort. They will email you a list of the staff and crew in the coming days, bahala ka nang makipag-coordinate.”

Napatangu-tango si Noah. “Any VIP’s who would be staying in the hotel?”

“You mean Desi Hidalgo? She’ll be staying at a house in San Simon Heights. One of those *AirBnB* vacation,” imporma nito.

Tiningnan niya nang mataman ang alkalde, Paano nitong naisip na si Desi ang tinutukoy niya? “I... um, okay, that’s cool,” nasabi na lang ng binata.

“I didn’t know about it either until I got the email from the *Channel Z* people. Mas gusto raw kasi ni Desi na parang nasa bahay lang siya at hindi rin komportable na palaging sinisilbihan kapag nasa hotel,” nakangiting sabi ng lalaki, bago curious na minasdan siya. “You were schoolmates at the *Academy*, right?”

“Yeah...” he shrugged, although he could feel his heartbeat accelerating. And he wondered why. “I was a year ahead.” Hindi niya alam kung ano ang nararamdaman. May na-trigger na ilang alaala ang pagkakabanggit ni Jasper tungkol sa

pagiging schoolmates nila dati ni Desi.

It was during their high school years in *San Simon Academy* that they met, became good friends and eventually fell in love.

“Naisip ko lang kasi na baka may alam ka tungkol sa mga naging kaibigan niya noong high school, o sa mga nakakakilala sa kanya noon. I was told Desi would want to get in touch with old friends. After all, she hasn’t been back in town for quite awhile,” patuloy ng mayor, na walang gaanong alam sa kung anong klaseng nakaraan mayroon sila ni Desi.

The last thing he wanted to hear right at that moment was another reminder, of what they were years ago.

He sighed. “Kilala ko ’yung ibang nakikita kong nakakasama niya dati,” nasabi na lang niya.

Tumango lang si Jasper, bago tumayo. “Well, I guess that’s it. Maraming salamat sa oras mo, Noah. Alam kong busy ka. Sasabihin ko na lang sa mga taga-*Channel Z* na puwede ka na nilang direktang kontakin tungkol sa anumang concerns nila sa pananatili sa *Piazza Agueda Hotel*.”

Nakangiting kinamayan niya ang mayor. “Thank you, pare. At maraming salamat din sa suporta.” Ilang sandali pa silang nagpaabot ng

pangungumusta sa kani-kanyang pamilya bago siya tuluyang inihatid ng alkalde sa pintuan. Noah could only breathe a sigh of relief as soon as he was out the door.

Ilang linggo din niyang sinubukang huwag masyadong isipin ang nakatakdang mangyari. pero ngayong unti-unti nang nabubuo ang mga plano ay wala na siyang pagpipilian kundi harapin ang katotohanan, at ihanda ang sarili.

Desi's going back to town, and no matter how much he tried to make himself believe he had already forgotten everything about her, he knew eventually he'd have to confront her, and their past.



Mabilis ang mga hakbang ni Desi upang harapin ang kung sinumang halos magwala sa pagbusina sa labas ng nakabukas pa ring gate ng garahe ng split-level cottage-style resthouse na magiging tahanan niya sa San Simon sa loob ng isang buwan.

May kabagalan siya habang bumubuwelo upang maipasok ang sasakyan. Nagkataong papadaan ang kung sinong may-ari ng isang sedan na medyo naharangan niya, kaya simula kanina hanggang ngayon ay walang tigil ang

driver niyon sa pagbusina upang kunin ang atensyon niya. Isinara muna ni Desi ang mabigat na wrought iron gate bago nilapitan ang nag-iingay. Nakababa na ang bintana niyon at hindi na maipinta ang mukha ng babae ding driver.

“I’m so sorry. Bago lang kasi ako dito at hindi ko pa gamay na ipasok ang sasakyan sa garahe. Pasensya na talaga sa abala. Hindi na mauulit,” magalang at mahinahon na sabi niya.

Tumaas ang kilay ng babae, na ewan kung bakit pamilyar ang mukha. “Hindi excuse iyan, Miss! May ibang gumagamit ng kalsadang ito at hindi mo puwedeng solohin dahil lang nagpa-practice ka pa lang mag-park.”

“Pasensya na talaga. Hindi na mauulit.” mapagkumbaba pa ring sabi ni Desi.

Mukhang asar pa din na tiningnan siya mula ulo hanggang paa, mula paa hanggang ulo. The woman really looked familiar. She knew she’d seen that smug, condescending look somewhere. Maganda ito, maputi, chinita at pang-shampoo commercial ang buhok. Halata na ang early signs of aging sa gilid ng mga labi at mata nito, pero sa palagay niya ay dahil iyon sa palagi itong nakaangil, o mukhang laging nang-uuri.

Nanatili lang siya sa kinatatayuan, hinihintay

kung may sasabihin pa ang babae. pero walang babalang itinaas lang nitong muli ang bintana bago pinasibad na ang sasakyan. Hindi makapaniwalang nasundan na lang niya ito ng tingin.

Lampas apat na oras din ang binuno niya sa pagda-drive mula sa bahay nila sa Roxas District sa Quezon City hanggang sa coastal town na iyon ng San Simon, Zambales. Nauna siya ng ilang araw sa staff and crew ng *Channel Z* upang mas makapaghanda at kilalaning muli ang bayang walong taon niyang hindi nabalikan. Kung hindi lang dahil sa feature sa kanya ng *Homecoming Diaries* ay wala na sana siyang planong magbalik pa. Pero gaya nga ng sinabi ni Gayle matapos niyang ikuwento dito ang tungkol sa kanyang nakaraan, hindi niya iyon basta matatakan. At lalong hindi puwedeng basta na lang niyang kalimutan.

“Gaga talaga ang Paige na iyon. Mabangga sana.”

Napahinto sa pagmumuni-muni si Desi at napatingin sa kanan niya. Ang nagsalita ay isang dalagita na nakasuot ng blue ang white uniform ng *San Simon Academy*. Bahagyang ngumiti siya. “Huwag naman. Baka may PMS

lang kaya ganoon.”

Nanlaki ang mata ng estudyante. “PMS? Nagme-menopause na yata ang lukaret na iyon. Kapitbahay namin ‘yan at inborn na yata ang pagkaaburido, lalo na kapag hindi nakaka-score kay Kuya Noah.” Napangisi ang dalagita sa huling sinabi.

Desi felt her heart skip. So that’s why the woman looked familiar! Naalala na niya, iyon ang babaeng kasama ni Noah noong hapong dapat sana ay magkikita sila sa Magsaysay Park! “Boyfriend ba niya iyong Noah?” hindi mapigilang tanong niya.

Umiling ang kausap. “Wish lang ni Paige ‘noh! Hindi po, type lang ng lukaret na iyon si Kuya Noah, pero di siya pinapansin.” Tiningnan siya nito nang mataman. “Kilala mo ba si Kuya Noah?”

Saglit na natigilan si Desi. “Um, actually—”
“Makikilala mo rin siya for sure. Guwapo iyon, matalino, mabait, mayaman...” Natawa ang dalagita. “Boss ng Kuya Alden ko si Kuya Noah. He owns the resort and farm estate, ‘yung katabi lang nitong subdivision.” Inilahad nito ang isang kamay. “I’m Aliyah, by the way.”

Nakangiting kinamayan ni Desi ang dalagita.

“Desi. Bahala ka na kung tatawagin mo akong Ate or what.”

Ilang sandaling tinitigan siya ni Aliyah, bago nanlaki ang mga mata. “Desi... oh my God! Desi Hidalgo! Ikaw nga! Fan mo ako! Love ko lahat ng sinulat mo! Lalo na yung ‘*Be My Love*’! OMG! Gtabe ang kilig ko d’un tapos ang sakit n’ung rooftop scene!”

Nag-init ang pisngi niya, ang tinutukoy ni Aliyah ay ang pangalawa sa mga nag-hit na romantic drama series na siya rin ang nag-adapt mula sa sariling best selling novel niya. It was originally a short story she wrote when she was sixteen, weeks before she and Noah became a couple, officially. Binigyan din niya si Noah ng kopya niyon at ng iba pang sinulat niya. Halos kalahati yata ng mga kuwento ay naisulat niya bilang libro, in-adapt sa mga teleserye o TV movies o binasa o ginawang linya ng characters.

“*Be My Love...*” mahinang sabi niya. “It’s one of my favorites too.”

“Grabe!” Napakapit si Aliyah sa braso niya. “Ang galing mo, Miss Desi! Ang daming writers na pangarap na maging gaya mo!”

Napangiti lang siya, mainit pa rin ang mukha. Kahit kailan ay hindi siya nasanay sa

papuri. “Uh, thanks, erh.” Noon niya naalalang alisin ang dark glasses. “Sorry dito, nasisilaw kasi ako sa araw. Nahihirapan akong makita ang daan kaninang nagda-drive ako.”

“Okay lang iyon! Ganyan talaga ang mga sikat. Naka-shades,” nakangising sabi ni Aliyah bago ito napatingin sa daan. “Uh-oh... bakit narito na agad ang jurassic na pickup ni Kuya?” may disgustong sabi nito.

Sinundan ni Desi ang tinitingnan nitong paparating na itim na *Hilux*. Tinted ang salamin niyon. Hindi niya alam kung bakit bigla siyang kinabahan. The car slowed down as it approached.

“Aba, hihinto talaga? Mang-aasar na naman iyan.” Namaywang ito habang pareho nilang inantabayanan ang sasakyan.

Nagbaba ng bintana ang driver ng pickup. Isang morenong lalaki na kahawig ni Aliyah ang nakangising sumaludo sa dalagita. “Aliyah! Pakalat-kalat ka na naman! Alam ba niyang kausap mo na isa kang... *sh*t!*” Napahinto ang lalaki sa kung anong sasabihin at napatulala sa kanya.

Alanganing napangiti lang si Desi dito. Mula sa kinatatayuan ay aninag niyang may ilan pang sakay ang pickup.

Lumapit si Aliyah sa kapatid at hinawakan ang baba nito. “Desi, ito nga pala ang kapatid kong mukhang tao, pero alien talaga, si Kuya Alden.” Sumilip ang dalagita sa loob ng sasakyan. “Pero may kasama siyang ibang tao, na guwapo.” she grinned, then squealed. “Kuya Noah!”

Pakiramdam ni Desi ay aatakihin siya sa puso. Alam niyang sooner or later ay magkikita silang muli ni Noah, pero hindi niya inaasahang ngayon na agad iyon. Kahit hindi pa niya ito maaninaw sa puwesto nito sa loob ng sasakyan ay nagwawala na ang kanyang puso.

Natatawang inalis ni Alden ang pagkakahawak ni Aliyah sa mukha nito, bago nahihiyang tumingin sa kanya. “Welcome to San Simon, Miss Desi. Ang ganda mo talaga, ang galing mo pang magsulat! Fan mo din ang mahal ko.”

Desi bravely took a few steps closer. Hindi siya sanay nang malayo ang kausap. Nasapo niya ang dibdib nang makitang katabi lang pala ni Alden sa front seat si Noah. “Thank you. And actually it’s m-more of welcome back... nag... nagbabalik-bayan ako... sort of.” She stammered.

Noah was looking right at her. His soulful Oriental eyes seem to bore through her soul. Hindi niya mabasa kung ano ang nais ipahiwatig

ng mga matang iyon. Dahil masyadong abala ang utak niya sa pag-process nang makitang lalo itong gumuwapo. Pinahaba nito ang dating clean-cut na buhok na ngayon ay naka-half ponytail, a few strands falling to frame his chiseled face, making him look like one of those formidable warrior kings in Korean dramas. He looked downright gorgeous.

Desi suddenly felt conscious of how she looked. Checkered polo, denim shorts at sneakers ang suot niya. Hindi siya hinangin habang nasa biyahe pero pakiramdam niya ay ang gulo ng buhok at ang lagkit ng mukha niya.

“Welcome back, then, Miss Desi. Welcome na welcome ka dito.” Bumaling si Alden sa katabi. “Ito pala si Sir Noah, ang boss namin, ang may-aring resort at hotel na mag-a-accomodate ng mga taga-*Channel Z*. At itong mga nasa likod ay sina Barry at Lino.” Itinuro din nito ang dalawang nasa likod na mga kumaway sa kanya.

Desi smiled and waved back, but could feel her facial muscles automatically going back, to look at Noah again.

Si Noah na walang kangiti-ngiti, pero hindi inaalis ang tingin sa kanya.

“Hala, Kuya Noah! Ano na? Nabighani ka

na yata d'yan. Huy!" natatawang sabi ni Aliyah sabay dukwang at ipinitik ang daliri sa harap ng mukha ng binata.

Bahagyang nangunot ang noo ni Noah, "Welcome back, Desiderata," mahinang sabi nito, bago natigilan at tila biglang pinagsisihan ang sinabi.

Endearment kasi nila dati sa isa't isa ang pagtawag sa mga full names nila.

For some reason, that warmed Desi's heart. Pero hindi pa rin nawawala ang kaba niya. "Thank you, Noah David," sagot niya, almost as a compulsion.

Takang nagpalipat-lipat ang tingin sa kanila ng magkapatid na Aliyah at Alden.

"Close kayo? Buuan talaga ng pangalan?" may bahid panunudyong komento ni Aliyah.

"We were schoolmates in SSA," turan ni Noah, bago kinatok ang dashboard. "I think we should go ahead at baka naghihintay na sina Engineer," baling nito kay Alden.

Na tumango lang bago hinarap si Aliyah. "Oy, may meeting kami sa bahay ni Engineer Dasig. Huwag mong masyadong istorbohin si Miss Desi ha." Alden looked at her then. "Mauna na kami," nakangiting paalam nito sabay saludo, bago

pinaandar nang muli ang sasakyan.

Hindi alam ni Desi kung paano niya nalampasan ang muli nilang pagkikita ni Noah. Dahil sa naging palitan nila, pakiramdam niya ay hindi gaanong gusto ni Noah na naroon siyang muli. It was as if he was looking at someone he simply had to deal with because he had no choice.

But why on earth was he looking at her as if there was so much he wanted to say? And he even called her 'Desiderata' again, as if there were no years between them.

Chapter Three



“I heard she’s back in town already. Nagkita na ba kayo?”

Sinulyapan lang ni Noah ang nakatatandang kapatid na si Nadine, bago muling itinuon ang atensyon sa binabasa sa tablet. Pasado alas ocho ng umaga at katatapos lang niyang mag-almusal. Nagre-relax lang siya sa den saglit bago muling magtungo sa opisina niya sa nasa first floor ng *Piazza Agueda Hotel*. “Who’s back in town?”

“Don’t play dumb with me, brother. Alam mong si Desi ang tinutukoy ko. Apparently, she’s staying at a house in the Heights, two streets away mula sa bahay ni Paige.” Napaismid si Nadine.

“Feeling big star nga daw kung umasta.”

Napailing lang si Noah. Hindi siya naniniwala sa sinabi ng kapatid, lalo na kung si Paige ang source. Over the years, he has learned never to completely trust anything the two women say about other people.

“I’m going over there to check her out for myself. Ang s’abi ni Paige ay nakita daw niya kaninang alas seis na nagdya-jogging, kasama iyong weird na kapatid ng accountant mo,” patuloy pa ng kapatid niya, inilabas nito ang cellphone at nagsimulang mag-text.

Tiningnan lang ito ni Noah. Parang hindi pamilyadong tao at asawa ng isang nirerespetong hospital director ang kapatid niya. May dalawang anak ito na siyang hinihintay niyang makapaghanda dahil isasama niya sa resort. Nadine acts and behaves like a spoiled rich wife with nothing else to do, but maybe to try and run his life. Simula nang pumanaw ang ama nilang dating congressman ay wala na itong ginawa kundi kumbinsihin siyang pumasok din sa pulitika, kung di man siguraduhing magkakaroon siya ng maraming tamang koneksyon at malawak na impluwensya.

Kahit ngayong maliwanag pa sa sikat ng araw

na ang mas gusto niyang pagtuunan ng pansin ay ang negosyong inumpisahan ng kanilang ina, hindi pa rin tumitigil si Nadine sa paggawa ng paraan upang mahimok siyang sundan ang yapak ng kanyang ama.

His dad was a good congressman, nakatatlong term ito bago pumanaw sa sakit na colon cancer noong nasa high school siya. Pero tila masyadong in-enjoy ni Nadine ang pagkakaroon nito ng kapangyarihan at impluwensya, at pagiging sort of untouchable. She lived for the perks that came with being a politician's daughter, and couldn't quite let it go, kahit pa noong mag-asawa na ito. Maging ang asawa nitong si Royce ay hinimok nitong pasukin ang pulitika, but his brother-in-law had the better sense to stick to his profession as a doctor.

Kaya hanggang ngayon, kahit twenty-eight na si Noah at alam na hindi basta mapapasunod sa gusto nito, ay ginagawa pa rin ni Nadine ang kung anumang magagawa nito para mabago ang kanyang isip.

He sighed. "I'm taking Tyler and Yana to work. May ibibilin ka ba?" sa halip ay tanong niya.

"Huwag mo lang hahayaang maglagi sa

araw nang matagal ang mga anak ko. Ayokong magmukha silang dugyot,” sagot ng ate niya, na hindi nag-aangat ng tingin mula sa pagti-text.

“Masusunod,” sarcastic na sagot niya. Hindi niya alam kung saan nakuha ng kapatid ang pagiging pintasera, matapobre at intrigera nito. Parehong down-to-earth at approachable ang mga magulang niya, at mahal ng mga kababayan nila. Ang pagiging snob din ng kapatid ang isa sa madalas na pagtalunan nito at ng kanyang ina, na sa kasalukuyan ay kasama ng ilang kaibigan nitong bumisita sa Holy Land.

“I should go get ready as well.” Tumayo si Nadine pero matamang nakatingin sa kanya. “Are you sure hindi ka interesado sa kung ano’ng nalaman ko tungkol sa baduy at trying hard mong ex?”

“Not interested. Gawin mo na ang dapat mong gawin. Paalis na din kami ng mga pamangkin ko,” aniya sa kapatid. Tinaasan lang siya nito ng kilay bago nagmartsa palayo. Alam nitong kapag nagpumilit itong magkuwento ay barado lang ito sa kanya.

Pero curious din si Noah kung ano na ang nasagap nito tungkol kay Desi. Dati pa man ay ayaw na dito ng kapatid niya. Kung anu-anong

panlalait ang ginawa ni Nadine kay Desi, ma-discourage lang siya sa pakikipaglapit dito dati. Suportado sila noon ng kanyang mama, dahil sa umpisa pa lang ay magiliw na ang ginang kay Desi. Si Nadine lang ang tila hindi naalis ang pagdududa sa dalaga, lalo na noong mag-umpisa na siyang mag-aral sa Maynila at tuwing weekend lang umuuwi.

He always thought his sister's stories about Desi cheating on him were merely baseless rumors, until he actually saw Desi with another man. Sa umpisa ay hindi niya iyon mapaniwalaan, pero di iilang beses niya itong minanmanan at nakitang totoong nakikipagmabutihan pala ito sa ibang lalaki. That wasn't just a major blow to his ego, but a vicious stab to his heart as well. Desi was his first love. He thought she loved him, that what they had was something that would last. But he was wrong. She easily threw it all away.

At lalo lang nitong pinatunayan na hindi siya ganoon kahalaga dito nang hindi man lang ito humingi ng tawad o kinausap siya tungkol sa ginawa, bagkus ay bigla na lang itong lumisan ng bayan nila. Ni wala siyang narinig na kahit ano mula dito.

Hanggang sa isang araw, matapos ang

dalawang taon simula nang magkahiwalay sila, ay nabasa niya sa diyaryo ang tungkol sa first time author ng isang best selling Filipino romance novel. The name? Desi Hidalgo. Nasundan pa iyon at na-adapt sa ilang teleserye at made-for-TV films. He got curious and did his research by reading social media posts and watching videos, and came across familiar heartfelt dialogues and scenes. Dati ay para sa kanya lang iyon, pero ngayon ay naa-appreciate na ng marami. Bukod sa pagiging mabenta sa viewers ay critically acclaimed at multi-awarded din ang mga sinulat nito, at ipinalabas o ginawan ng sariling version sa ilang bansa sa Asya.

Desi had gone a long way, and at the expense of those poems, short stories and letters full of love and promises she gave him then.

He was unprepared when he saw her yesterday. He was caught off guard when he saw those soulful brown eyes again. Desi looked even more beautiful than the last time he saw her. Suddenly, he was back to those times when gazing at those eyes would render him speechless, and all he could do was keep gazing. Iyon mismo ang nangyari kahapon.

He even called her Desiderata! As if on cue,

tinawag din siya nito sa buong pangalan niya. For a moment, they both forgot they had eight years between them, and that they didn't exactly part as friends.

At sa loob ng mga taong iyon, sa bawat bagong nobela o serye nito, ay tila paulit-ulit ding ipinapaalala sa kanya ang lahat ng magagandang bagay na mayroon sila dati.

He wondered if he ever got to move on, when Desi seemingly won't let him.



Alanganin ang bawat hakbang ni Desi habang naglilibot sa farm and garden resort ni Noah, kung saan malaya na siyang nakakapasok sa loob ng ilang linggo habang ongoing ang production ng *Homecoming Diaries*. Kasama niya ngayong Sabado ng umaga si Aliyah na kabisado na ang malawak na lugar. It was a beautiful green paradise, there's life everywhere, the air was fresh and she should be relaxed.

But she's not, at simula nang bumalik sa San Simon noong isang araw ay madalas na kabado siya.

For the past mornings that she'd been jogging around the village, she could feel eyes watching her. Sa ngayon, alam na siguro ng buong bayan

na nasa San Simon uli siya. Parang sumpa na kahit hindi na sila ni Noah at matagal siyang nawala sa bayang ito ay forever na yata silang nakaugnay sa isa't isa.

Eight years ago, halos lahat sa San Simon ay natutuwa na naging sila ni Noah, lalo na dahil gusto din siya ng ina nito na well-loved sa San Simon. Pero nang magkahiwalay sila, sa isang iglap ay tila ayaw na sa kanya ng lahat. There were rumors and accusations left and right. For an almost nineteen-year-old who had her heart broken for reasons she's not sure of until now, that was traumatizing. Naging madali tuloy sa kanya noon na iwan ang San Simon nang ilipat sila ng tatay niya sa Manila dahil sa trabaho nito.

It felt strange being back. Hanggang sa mga sandaling iyon ay hindi niya alam kung ano ang mararamdaman.

“Ang lamig ng kamay mo.” Huminto sa paglalakad si Aliyah at tiningnan siya nang mataman.

“Wala naman kasi ito sa plano ko.” She sighed. Sure, she appreciates what the young girl was doing for her. Natutuwa siyang sa pagbabalik niya ay nagkaroon siya ng isang kaibigan, kahit pa halos labindalawang taon ang tanda niya dito.

Secure ang pakiramdam niya kahit papaano.

“Dapat ba talaga sundin mo ang mga plano? Dapat go lang nang go. Hindi mo rin naman kayang maging ready all the time. Tingnan mo noong isang araw. Obvious na nagulat ka nang makita si Kuya Noah, at hindi pala iyon dahil sa ang guwapo niya,” nangingiting sabi ni Aliyah. Naikuwento na niya dito ang lahat. Isa marahil ito sa kakaunting taga-San Simon na napagsabihan niya ng side niya sa nangyari eight years ago.

“I know that, Aliyah. Pero ngayon lang uli ako nagbalik dito. Kahit dito ako ipinanganak at lumaki, pakiramdam ko ngayon ay dayo na lang talaga ako, at walang gaanong alam. Bukod sa mga taga-munisipyo, at sa inyo ng kuya mo, hindi ko alam kung welcome ba talaga ako.” Muli siyang napabuntong-hininga.

“Praning ka kaya. Hello, sikat ka na ngayon. Proud na ang mga tagarito sa iyo. Ang dami mo kayang fans sa school. Kung may mga tagarito pa na ayaw sa iyo, well, may mga fans ka naman from SSA. Kami ang mag-iingay sa party mo.” Aliyah grinned. Humawak ito sa lubid ng isa sa mga duyan na gawa sa abaca at kawayan. “Swing tayo!”

Natawa si Desi. “Mabigat ang mga buto ko. Baka bumigay.” She looked around her. Maganda

ang concept ng farm na may kanya-kanyang puwesto at well-landscaped ang mga taniman ng mga gulay, fruit-bearing trees, at maging ng mga bulaklak. There were man-made brooks, fountains and log benches everywhere. May bike at hiking trail din. Nasa mango orchard sila ngayon, kung saan wala pang ibang taong naliligaw.

Maliban na lang sa kung sinumang may-ari ng mga naririnig niyang kaluskos. Pagtingin ni Desi sa kaliwa, ay nakita niyang tumatakbo palapit ang isang batang lalaking marahil ay nasa tatlo o apat na taon. Panay ang sigaw nito ng “Swing! Swing!”

“Hala, nakawala na naman si Tyler!” naiiling na sabi ni Aliyah sabay tayo. Kinawayan nito ang batang tumatakbo, na lalong naging hyper nang makita sila.

Desi couldn't help smiling at the kid. Napaka-cute nito, na paglaki ay tiyak na guwapo. “Hello,” bati niya. The kid looked up at her.

“Hello Miss *Buy-tee-ful*,” ganting bati nito.

Natawa sila ni Aliyah, na hinawakan ito sa isang kamay. “Hoy! Ikaw Tyler, ha. Pareho kayo ng taste sa babae ng tito mo.” Bumaling ito sa kanya. “Pamangkin ito ni Kuya Noah, anak n'ung

bruha niyang kapatid,” imporma nito.

“Oh...” nasabi na lang ni Desi. Suddenly, she didn’t know what to say or do even around a cute little kid!

“Swing! Miss *Buy-tee-ful...*” sabi muli ng bata, na itinaas ang dalawang kamay at nakatingin sa kanya.

Tiningnan ni Desi ang swing, medyo mataas iyon. “But it’s too high, sweetie. Baka mahulog ka.”

Pumadyak ito, lumapit sa swing at itinuro iyon. “Upo ikaw,” anito, bago tila nagpapaawang tiningnan siya. “Please?”

That last word disarmed her. Nailing na naupo siya pagkatapos ay kinandong paharap ang bata. Agad itong yumakap sa kanya at humawak nang mabuti sa suot niyang racerback top. “Mabagal lang tayo ha?” aniya dito. “My name is Desi. Call me Tita Desi, okay?”

“Okay.” The kid nodded. “My name is *Tay-yel* Avenido. I am *fow yeesh* old. I live in—”

Naputol ang pagpapakilala sa kanya ng bata nang may tumawag sa pangalan nito mula sa kung saan. It sounded like a little girl’s voice.

“Hala! Si Ate Yana mo iyon, Tyler,” malakas na sabi ni Aliyah. Soon enough, a girl of about

even came into view. And she wasn't alone.

Kasunod ng batang babae na noon ay patakbong lumalapit na sa kanila—si Noah.

Chapter Four



Nangunot ang noo ni Noah habang nakatingin sa kanila. Desi could feel her heart hammering against her chest. Napahigpit ang kapit ng isang kamay niya sa hawakan ng swing at sa pag-alalay sa kandong na bata.

“Swingpa,” hiling ni Tyler nang maramdaman nitong napapahinto sila sa pag-ugoy.

“Your Ate is here,” aniya dito. “And your Tito.” tumingin siya sa mga paparating. The little girl was looking at her with interest, while Noah was looking at her intently.

Suddenly, Yana started reciting lines from one of her teleseryes—a family-friendly romantic

comedy. “Ikaw po ang sumulat ng ‘*My Darling Dude*’, di ba? Favorite namin ‘yun ng tutor ko! Ikaw po si Desi Hidalgo?”

Kahit nawiwindang ay gumanti siya ng ngiti sa bata. “You have a very good memory. Ang galing—”

“Let’s go, Tyler,” biglang sabi ni Noah. “Your dad will be here soon.” Seryoso ang mukha nito habang nakatingin sa bata.

“Ayaw! Swing kami ni Miss *Buy-tee-ful!*” panay ang iling na sabi ni Tyler bago yumakap nang mahigpit kay Desi. Sa ginawa nito ay nagulat siya, napabitaw sa swing at nawalan ng balanse. Una ang likod na bumagsak siya sa lupa. *Aray.*

“Tyler! Ikaw kasi!” narinig niyang sita ni Yana.

“Tyler, halika na,” tawag ni Aliyah. Naramdaman niyang may pumipilit humila sa bata palayo sa kanya, pero nanatili tong nakakapit.

“*Sow-ree, sow-ree!*” narinig niyang sabi nito, humihikbi na. Ilang sandali pa ay umiiyak na ito nang malakas. Sinubukang gumalaw ni Desi. Malakas ang impact ng pagbagsak niya pero wala naman siyang nararamdamang bali sa katawan. Malambot at madamo ang lupang kinahulugan niya kaya kahit windang pa rin ay mukhang okay

pa naman ang ulo niya.

“Are you alright, Desi?” It was Noah, and he sounded so near. Inaninaw ito ni Desi mula sa disoriented pa niyang paningin. He was on her left side. Hawak nito sa magkabilang balikat si Tyler at inaalís sa pagkakatagan sa kanya. Nagpahila naman ang bata na umiiyak pa rin.

“Okay lang ako... I think,” tugon niya bago dahan-dahang inangat ang sarili. “Tyler, baby don’t cry. Okay na ako, o!” Tumingin siya sa batang lalaki na puno pa rin ng luha ang mukha. “See? Malakas ako eh.” She jokingly flexed her muscles and grinned at the kid, dahilan upang mapatigil ito sa pag-iyak at muli nang ngumiti.

“Strong pala si Miss *Buy-tee-ful* eh!” tatawatawa nang sabi nito bago kumapit kay Noah at dito na nagpakarga.

“Sigurado kang ayos ka na, Desi? Doctor ang daddy nina Yana at Tyler at nasa hotel siya ngayon. Sa palagay ko ay dapat mo munang ipa-check kung wala ka ba talagang fracture,” mahinang sabi ni Noah habang matamang nakatingin sa kanya. Sa pagkagilalas ni Desi ay ipinasa nito si Tyler kay Aliyah, bago inilahad ang mga kamay para tulungan siyang makatayo.

Sa gulat ay kumapit na lang siya sa

matitipunong braso ng binata. Her chest was pounding as she slowly got up, and nearly hugged him as she steadied herself. Parang nalulula siya na di mawari, at hindi niya alam kung dahil iyon sa pagkabagsak o dahil nao-overwhelm siya sa pagkakalapit nila ng lalaking hindi niya inakalang makikita niyang muli.

Parang walang nagbago. Parang ganito rin ang nararamdaman niya noon sa tuwing magkakalapit sila ni Noah. Pinaghalong kaba at excitement. Lalo ngayong masyadong malapit ang mukha nila sa isa't isa. At mataman ang pagkakatingin ng binata sa kanya. Napalunok tuloy siya.

It was exactly how he would look then when he was about to kiss her.



“Kailangan mong makasiguro na wala kang naging bali o anupaman, Desi. I will call the hospital for a service vehicle so you can go there now for an x-ray scan,” sabi ni Dr. Royce Avenido matapos nitong i-check ang vitals at inspeksyunin ang likod ni Desi. Nasa isang guestroom sila sa hotel ng resort at kasama nila roon ang mga bata, si Aliyah, at si Noah na hindi inaalis ang tingin sa kanya.

Nako-conscious na ibinaba na ni Desi mula sa pagkakalilis sa likod ang kanyang racerback top. Tiningnan din kasi ng doktor kung nagkaroon siya ng cut o pasa. Some areas of her back felt tender though, at iyon ang dahilan kaya ngayon ay nagda-dial na sa cellphone nito ang bayaw ni Noah upang magpadala ng service.

“Ako na ang magdadala sa kanya sa hospital,” mahinang boluntaryo ni Noah sa doktor.

Na agad na sinang-ayunan nito. “Mabuti pa nga.” Nakangiting bumaling ito sa kanya at marahan siyang tinapik sa balikat. “Don’t strain your back for a couple more days, Desi. At pasensya na uli sa nangyari,” nahihiyang anito.

Ngumiti lang siya. “Wala iyon. Hindi kasalanan ni Tyler, mukha lang talagang sabik siya sa swing,” aniya habang patayo. “So, let’s go?” she bravely turned to Noah, who just nodded.

“Dito lang ako. Ayoko ng hospital,” tanggi ni Aliyah na tila naalibadbaran.

Tumatangong nagpaalam na si Desi sa lahat at sumunod kay Noah, na nauna na sa pinto. Tahimik niya itong sinundan hanggang sa makalabas ng hotel. He motioned that she follow him into the parking area, where he went straight to a midnight blue SUV. Ipinagbukas siya nito ng

pinto, na ikinagulat niya.

“Uh, thanks.” Ngingitian sana niya ang binata pero sa sandaling makaakyat siya ng sasakyan ay mabilis na nitong isinara ang pinto. Umikot ito patungo sa driver’s side at walang salitang naupo sa tabi niya. He seemed to focus on starting the engine, getting the car out of its parking slot and into the road that lead onto the main highway.

It was an awkward silence, too awkward that Desi couldn’t resist doing something about it. “Pasensya na, Noah. Alam kong may mga ginagawa ka at—”

“I volunteered, so it’s okay, Desi,” putol nito sa sasabihin pa niya. “Besides, you’re my responsibility since the accident happened in my property,” dagdag pa nito habang nakapako ang tingin sa daan.

“Still, you didn’t have to be the one taking me to the hospital.” She reached out and gently laid a hand on his arm that was on the steering wheel. “Thank you.”

Sinulyapan siya ng lalaki. “You’re welcome.” simpleng sagot nito. He made no move to get her hand off his arm. Tanda na wala itong pakialam kung anuman ang gustong gawin ni Desi, o hindi ito apektado.

Hindi na alam ni Desi kung ano pa ang susunod na gagawin, o sasabihin. Pinili niyang manahimik na lang at itinuon ang tingin sa mga nadaraanang nila. Her hometown seemed to have changed so much. This was not exactly the San Simon that she knew. And yet things still felt familiar.

Especially because she knew, no matter how she denied it, what she had for the quiet man beside her remained to be the way it was eight years ago.



“P’asok ka muna, Noah. Nag-breakfast ka na ba? Lunch? I can whip up a quick brunch for you.”

It took a lot of strength and willpower for Desi to even make that invitation. Hindi niya alam kung bakit ginagawa niya iyon. Dahil siguro sa pagsagot ni Noah sa lahat ng nagastos sa hospital. Wala siyang fracture. Nagsisimula lang lumitaw ang pasa sa ilang parte ng likod niya. Binigyan din siya ng ilang painkillers kung sakali. Isang oras silang nagtagal sa hospital at ngayon ay pauwi na sa bahay na tinutuluyan niya.

Noah was quiet all through out, but it never discouraged Desi from still trying. Hindi siya

mapakali na hindi alam kung anuman ang iniisip nito o nararamdaman. Napapraning siya na halos wala itong reaksyon. Walang kaso sa kanya kung bigla na lang siya nitong bulyawan, basta malaman lang niya kung ano talaga ang tingin ni Noah sa pagbabalik-bayan niya. May ilang linggo din siyang magtatagal sa San Simon at gusto niyang malaman kung paano siya gagalaw, lalo na at nasa paligid ang lalaking naging dahilan ng pag-alis niya dati.

Hindi puwedeng ganito sila lagi. “Let’s go!” masiglang sabi ng dalaga nang huminto ang sasakyan sa tapat ng bahay. “Alam mo, nakakapanibago rin na dito ak—”

“What are you doing, Desi?” biglang tanong ni Noah sa mahinang boses. Tila napu-frustrate ito na hindi mawari.

Napamaang dito si Desi. “I... I said y-you can stop by, right? At ipagluluto kita ng... brunch.” nauutal na sagot niya.

Napabuntung-hininga ang binata, bago mataman siyang tiningnan. “Exactly, Desi. Niyaya mo ako sa bahay mo. Nag-offer kang ipagluto ako. Why? Bakit mo gagawin iyon?”

“I was just returning the favor. Dahil sinamahan mo ako sa hospital at ikaw pa ang

sumagot ng gastos ko,” turan niya habang nakahawak sa passenger door.

“Nagpasalamat ka na. Okay na iyon, Desi,” hindi nito inaalis ang tingin sa kanya.

“And for old times’ sake,” dugtong niya. Then, she bit her lip. “I mean, ngayon lang ako nakabalik dito after eight years...”

“And we’re not exactly even friends anymore. Pinutol mo na ang lahat ng ugnayan natin noong umalis ka.” Noah still spoke in that soft, gentle manner, but his words were like steel bars pressing on her skin.

“Ikaw ang pumutol ng ugnayan natin. Hinabol kita, hindi mo alam kung ano ang talagang nangyayari. Basta mo na lang akong hinusgahan,” hindi na mapigilang sabi niya. Ramdam niya ang panginigilid ng luha, *Oh, no, hindi ako puwedeng umiyak dito!*

Noah stared at her. “So this is what it’s all about, Desi? You’re inviting me in so you can give me your side of the story, eight years overdue? Masyado nang huli. Marami na ang nagbago. At wala ka na ring magagawa para baguhin ang nakaraan.”

Hindi makapaniwalang tiningnan ito ni Desi. Noah’s words were harsh and bitter. Hindi

niya maunawaan kung paano nito nasasabi ang ganoon. Ito ang hindi nagbigay sa kanya ng pagkakataong magpaliwanag. Ito ang lumayo at naging dahilan upang hindi na rin niya kayanin ang pangungutya na natatanggap niya mula sa mga kababayan nila. Bakit ngayon ay ito pa ang galit? “Hindi ko sinusubukang baguhin ang nakaraan, Noah.”

Tumaas ang isang kilay ng kausap. “Oh yeah?” then he shook his head. “Bakit mo nga naman babaguhin ang nakaraan gayong nag-benefit ka nang husto d’un? Let me see, four teleseryes with several awards each, critically-acclaimed made-for-TV movies and several best selling books—all written during and about that past.”

Napalunok siya. “Bakit ka nagkakaganito, Noah? Hindi ito ang Noah na kilala ko.”

His eyes narrowed at what she said. “Oh, no, Desi. Paano mong nasasabi iyan ngayon? I doubt if you ever knew the real me, even then. In the same way that I never got to know the real you. I thought I did, but I was definitely wrong.” Napabuga ito ng hangin bago iniwas na ang tingin sa kanya. “I should head back to the resort.”

Ilang sandaling tinitigan pa ni Desi ang binata, bago bumaba na ng sasakyan. Nang makababa siya ay si Noah na rin ang humila niyon pasara. Parang hindi na ito makahintay na iwan ang lugar na iyon.

Katatapak pa lang niya halos sa sidewalk ay nagmamadaling pinaandar na nitong muli ang sasakyan. Hindi makapaniwalang inihatid niya ito ng tingin. She was the one who was sent away with a broken heart. Why was he acting like everything that happened then was her fault?